Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

714

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 18, 2009, ARAW NG BIYERNES, SA GANAP NA IKA-2:00 NG HAPON.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay

DI-DUMALO:

Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes .... Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

## KAPASIYAHAN BLG. 216-T2009

## KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG APLIKASYON SA MERALCO PARA SA PAGPAPAILAW NG BARANGAY HALL NG BARANGAY POBLACION V NG BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** iniliwat ng Kagalang-galang Punong Bayan Ariel T. Magcalas sa sangguniang ito ang aplikasyon sa pagpapailaw ng Barangay Hall ng Barangay Poblacion V para sa kaukulang hakbang;

**SAPAGKA'T,** tugon sa kahilingan ay kinakailangan ang pagpapatibay ng isang kapasiyahan bilang isa sa mga requirements ng Meralco.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion, (Tagapamuno ng Lupon sa Pagawaing Bayan, Inpraestraktura, Komunikasyon at Elektripikasyon), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Isagani R. Malapaya at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang aplikasyon ng Meralco para sa pagpapailaw ng Barangay Hall ng Barangay Poblacion V ng bayang ito.

**INIUUTOS :** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan; Meralco, Sangay ng Santa Cruz; Pambayang Inhinyero, Sangguniang Barangay Poblacion V at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa katitikang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan